1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG

SERBISYO TALAAN NG MGA

NILALAMAN

	Pahina
Mga Pangkalahatang Alituntunin	2
Mga Serbisyo para sa Consumer	3
Mga Serbisyo para sa Mga Batang Edad 0-36 na buwan	3
Mga Programa sa Edukasyon ng Sanggol	4
Occupational/Physical Therapy	4
Speech Therapy	5
Mga Serbisyong Available sa Lahat ng Consumer	5
Mga Serbisyo para sa Pagbabago ng Pag-uugali	5
Pag-reimburse sa Co-Payment ng Insurance	5
Mga Kumperensya	6
Day Program para sa Mga Nasa Hustong Gulang	6
Mga Diaper/Mga Supply para sa Incontinence	6
Medikal na Kahilingan at Kahilingan sa Pag-diagnose	6
Pagsasanay sa Mobility	6
Occupational/Physical Therapy	7
Placement na Wala sa Bahay	7
Mga Serbisyo sa Pagpapahinga	7
Espesyal na Kagamitan: Matitibay at Hindi Matitibay na Karagdagang Item at Pagbabago sa Bahay	8
Pagtatasa sa Pagsasalita at Therapy para sa Pagtatasa sa Assistive Technology	8
Mga Serbisyo sa Independent na Pamumuhay	9
Mga Serbisyo sa May Suportang Pamumuhay	9
Transportasyon	9
Mga Pagbubukod	10

(Sinadyang iwang blangko ang pahinang ito)

Bibilhin ng Inland Regional Center ang mga serbisyo at suportang iyon na makakatulong sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-develop para sa pagkamit ng pinakamahusay na pagsasariling posible at para sa pagpili ng mga personal na pasya. Dapat kumuha ang sentrong panrehiyon ng mga serbisyo at suportang nakakatugon sa mga pangangailangan ng consumer, gaya sa tinukoy sa Plano ng Programa para sa Indibidwal ng consumer. Sa loob ng konsteksto ng Plano ng Programa para sa Indibidwal, dapat isapriyoridad ng Inland Regional Center ang mga serbisyo at suporta na magbibigay-daan sa mga menor de edad na may mga kapansanan sa pag-develop na makapamuhay kasama ng kanilang mga pamilya, sa mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan sa pag-develop na makapamuhay nang mag-isa sa komunidad, at nagbibigay-daan sa mga consumer na magkaroon ng interaksyon sa mga taong walang kapansanan sa mga positibo at makabuluhang paraan.

Mga Pangkalahatang
Alituntunin

Ang sinumang taong pinaniniwalaang may kapansanan sa pag-develop ay dapat na maging kuwalipikado para sa inisyal na pag-intake at mga serbisyo sa pagtatasa sa mga sentrong panrehiyon. Ang mga pondong ibibigay para sa pag-diagnose at pagtatasa ng kapansanan sa pag-develop ay maaaring limitahan lang sa mga espesyal na problema sa pag-diagnose na nauugnay sa pag-diagnose ng kapansanan sa pag-develop.

Dapat tukuyin at gamitin ng Inland Regional Center ang lahat ng mga posibleng source ng pagpopondo para sa mga consumer na nakakatanggap ng mga serbisyo ng sentrong panrehiyon. Ang mga source na ito ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

1) Mga pampamahalaan o iba pang entity o mga programang kinakailangan para maibigay o mabayaran ang gastos sa pagbibigay ng mga serbisyo, gaya ng Medi-Cal, Medicare, Civilian Health and Medical Program for Uniform Services, pampublikong edukasyon, at pederal na supplemental security income (SSI) at ang state supplementary program (SSP);
2) Mga pribadong entity, sa sukdulang mayroon silang pananagutan para sa mga gastusin ng mga serbisyo, tulong, insurance, o medikal na tulong sa consumer.

Ang mga pondo ng Sentrong Panrehiyon ay hindi dapat gamitin bilang pamalit sa badyet ng anumang ahensya na may legal na karapatang pagsilbihan ang lahat ng mga miyembro ng pangkalahatang publiko at nakakatanggap ng mga pampublikong pondo para sa pagbibigay ng mga serbisyong iyon. Bukod pa rito, hindi bibili ang Inland Regional Center ng anumang serbisyong hindi available mula sa Medi-Cal, Medicare, sa Civilian Health and Medical Program for Uniform Services, Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Bahay, Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California, pribadong insurance, o plano ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan kapag natutugunan ng consumer o pamilya ang mga pamantayan ng pagsaklaw na ito pero pipiliin nilang hindi gamitin ang pagsaklaw na iyon. ((*WIC* §§ 4648 (a)(8) at 4659 (c).)

1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG

Dagdag pa rito, dapat sulit sa halaga ang mga serbisyong bibilhin ng sentrong panrehiyon at dapat nakakatugon ang mga ito sa mga kinakailangang pang-administratibo ng Estado at Inland Regional Center at dapat aprubahan ng Inland Regional Center para sa pagbabayad bago ibigay ang serbisyo. (*WIC* § 4512 (b).)

Inaatasan ang Mga Sentrong Panrehiyon na gamitin ang pinakamurang provider na makakagawa sa plano ng programa para sa indibidwal ng consumer, nang nakakasunod sa mga partikular na pangangailangan ng consumer at ng pamilya. (*WIC* § 4648 (a)(6)(d).)

Inaasahan ang mga pamilya na isagawa ang parehong mga responsibilidad para sa mga miyembro ng kanilang pamilya na may mga kapansanan gaya ng ginagawa nila para sa iba pang miyembro ng pamilya. Kapag lumampas na ang gastos sa karaniwang gastos na ginugugol sa pag-aalaga ng kapamilyang walang kapansanan, maaaring magbigay ang Inland Regional Center ng mga pondo para sa mga serbisyo bilang pandagdag sa ibinibigay ng (mga) magulang/legal na tagapag-alaga/tagapag-ingat. Nagbibigay lang ang Inland Regional Center ng pinansyal na tulong kapag may mga espesyal na pangangailangan na nauugnay sa kapansanan sa pag-develop. (*WIC* § 4646.4 (a)(4).)

Lahat ng mga kahilingan para sa Pagbili ng Mga Serbisyo ay idodokumento sa Plano ng Programa para sa Indibidwal/Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal at batay sa mga pangangailangan ng consumer. Aawtorisahan lang ulit ang Pagbili ng Serbisyo kapag may malinaw na dokumentasyon na umuusad ang consumer patungo sa mga layuning ginawa. (*WIC* § 4648 (a)(7).)

Posibleng magkaroon ng mga indibidwal na sitwasyon na maaaring mangailangan ng awtorisasyon ng mga pagbili ng serbisyo na hindi nakakasunod sa mga pamantayang ito. Ang mga partikular na pagbubukod sa mga pamantayang ito ay maaari lang ibigay sa sumusunod na batayan:

1. Dapat tukuyin at idokumento ng Interdisciplinary Team (ID Team) sa Plano ng Programa para sa Indibidwal (Individual Program Plan o IPP) o Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal (Individualized Family Service Plan o IFSP) ng consumer ang mga sitwasyon na gumagarantiya ng pagbubukod sa mga pamantayan.

2. Natukoy ng Team ng Pagsusuri sa Pagsunod na natugunan ang mga kinakailangang itinakda sa *WIC* § 4646.4.

MGA SERBISYO PARA SA CONSUMER

Mga Serbisyo para sa Mga Batang Edad 0-36 na buwan

Ang Mga Sentrong Panrehiyon ay ang itinalaga ng estado para sa probisyon ng serbisyo para sa mga batang edad 0-36 na buwan sa Programa sa Maagang Pagsisimula para sa Sanggol at Mga Toddler ng California. Inaatasan ang Mga Sentrong Panrehiyon na bumuo ng Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal at batay sa mga pangangailangan ng bata, magbigay ng mga ipinag-aatas na serbisyo ng Part C ng Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na May Mga Kapansanan. Kabilang sa mga serbisyo sa maagang interbensyon ang, ngunit hindi limitado sa:

1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG

- Assistive Technology
- Matibay na Medikal na Kagamitan
- Audiology
- Para lang sa mga layunin ng pag-diagnose o pagtatasa: Mga Serbisyo sa Kalusugan, Mga Serbisyo sa Pag-aalaga, at Mga Medikal na Serbisyo

- Mga Serbisyo sa Nutrisyon
- Occupational Therapy
- Physical Therapy
- Speech Therapy
- Mga Sikolohikal na Serbisyo
- Pagkokoordina ng Serbisyo
- Pagsasanay ng Pamilya, Pagpapayo, at Mga Pagbisita sa Bahay
- Espesyal na Pagtuturo
- Behavior Therapy
- Interpreter/Translator (Kung Kinakailangan)
- Transportasyon at mga nauugnay na gastos
- Mga Serbisyo sa Paningin
- Sa mga bihirang pagkakataon, maaaring iatas ang iba pang serbisyo kapag kailangan ang mga serbisyong iyon para mabigyang-daan ang bata na makatanggap ng mga serbisyo sa maagang interbensyon.

May karapatan din ang mga kuwalipikadong bata mula 0-36 na buwan sa buong range ng mga nauugnay na serbisyo ng sentrong panrehiyon. Dapat gamitin ang mga generic na resource gaya ng medikal na insurance kapag available.

Posibleng magbigay ng mga pondo ang Inland Regional Center para sa mga serbisyo bilang pandagdag sa mga inaasahang ibigay ng (mga) magulang/tagapag-alaga/tagapag-ingat kapag may mga espesyal na pangangailangan na nauugnay sa kapansanan sa pag-develop para sa mga sanggol at toddler na nakakatugon sa pamantayan ng kundisyon sa pagiging kuwalipikado sa Maagang Pagsisimula at/o may naitatag nang panganib na makaranas ng pagkaantala sa pag-develop. Gamit ang mga alituntunin sa itaas, maaaring bilhin ang mga serbisyo para sa mga kuwalipikadong bata mula 0-36 na buwan batay sa mga pangangailangan at kagustuhan ng pamilya ng consumer, nang isinasaalang-alang ang range ng mga opsyon sa serbisyo na iminumungkahi ng Pangkat sa Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal, ang pagiging epektibo ng bawat opsyon sa pagtugon sa mga layunin ng Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal, at pagiging sulit sa halaga ng bawat opsyon.

Mga Programa sa Edukasyon ng Sanggol

Gagamitin ng Inland Regional Center ang mga generic na serbisyong available mula sa distrito ng paaralan para sa mga programa para sa sanggol at ire-refer ang mga magulang sa mga programa sa edukasyon ng sanggol na iyon na iniaalok ng mga paaralan. Kung hindi natutugunan ng programa para sa sanggol na ibinibigay ng distrito ng paaralan ang mga pangangailangan ng indibidwal na consumer, maaaring suportahan ng Tagakoordina ng Mga Serbisyo para sa Sanggol ang mga magulang sa pagtugon sa isyu sa pamamagitan ng Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal.

Occupational/Physical Therapy

1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG

Maaaring bilhin ang occupational therapy pagkatapos na makabuo ang Interdisciplinary Team ng Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal nang may pakikilahok ng mga tauhan ng sentrong panrehiyon, at ng magulang/awtorisadong kinatawan. Ang pagiging epektibo ng programa at patuloy na pangangailangan para sa mga serbisyo ay tinatasa ng Interdisciplinary Team sa loob ng hindi bababa sa kada apat (4) pero hindi lalampas sa anim (6) na buwan.

Speech Therapy

Maaaring bilhin ang speech therapy pagkatapos na makabuo ang Interdisciplinary Team ng Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal nang may pakikilahok ng mga tauhan ng sentrong panrehiyon, at ng magulang/awtorisadong kinatawan. Ang pagiging epektibo ng programa at patuloy na pangangailangan para sa mga serbisyo ay tinatasa ng Interdisciplinary Team sa loob ng hindi bababa sa kada apat (4) pero hindi lalampas sa anim (6) na buwan.

Mga Serbisyong Available sa Lahat ng Consumer

Tutukuyin ng proseso ng pagpaplano at pagpapasya ng team ng Plano ng Programa para sa Indibidwalang mga suporta at serbisyo para makamit ng bawat consumer ang pinakamataas na antas ng pagsasarili na posible batay sa mga pangangailangan at kagustuhan ng consumer, ng kinatawan ng consumer, o ng pamilya ng consumer, nang isinasaalang-alang ang range ng mga opsyon sa serbisyo na iminumungkahi ng Team sa Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal / Plano ng Programa para sa Indibidwal, ang pagiging epektibo ng bawat opsyon sa pagtugon sa mga layunin ng Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal / Plano ng Programa para sa Indibidwal, at ang pagiging sulit sa halaga ng bawat opsyon.

Posibleng kabilang sa mga serbisyong ito ang,

ngunit hindi limitado sa: Mga Serbisyo para sa

Pagbabago ng Pag-uugali

Layunin ng mga serbisyo para sa pagbabago ng pag-uugali na makapagbigay ng mga interbensyon na nagreresulta sa mga pagbabago na
makakatulong sa consumer na maiangkop o mabago ang pagkakaroon o pagsasagawa ng kanyang pag-uugali.

Maaaring magbigay ng mga serbisyo para sa pagbabago ng pag-uugali para sa mga bata at nasa hustong gulang depende sa sitwasyon na matutukoy na proseso ng Interdisciplinary Team.

Maaaring awtorisahan ang mga serbisyo sa Applied Behavioral Analysis (ABA) para sa mga consumer na may mga intensive na pangangailangan sa interbensyon para sa pag-uugali, at kailangan ng (mga) magulang/tagapag-alaga/tagapag-ingat na makilahok sa pagsasanay. Ang pagpopondo ng Inland Regional Center sa mga serbisyong ito ay hindi lalampas sa 40 oras kada linggo sa lahat ng setting (sa paaralan at sa bahay) at muling tatasahin kada anim (6) na buwan.

Mga Pag-reimburse sa Co-Payment ng Insurance

Ang mga pag-reimburse ng deductible o co-payment ng insurance ay kinakailangan para sa mga serbisyong gaya ng Applied Behavioral Analysis, Speech Therapy, Occupational

1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG
Therapy, at Physical Therapy. Kapag ang serbisyo ay mayroong deductible o co-payment, ire-reimburse ang pagbabayad sa pamamagitan ng sumusunod na proseso:

Hihilingin ng vendor ang deductible o co-payment mula sa pamilya sa panahon ng serbisyo. Babayaran ng pamilya ang deductible o co-payment sa vendor. Ipapadala ng pamilya ang Paliwanag ng Benepisyo (Explanation of Benefit o EOB), sa pamamagitan ng email sa Inland Regional Center Behavior Specialist Technician. Sa

nilalaman ng email, ibibigay nila ang pangalan at Unique Client Identifier (UCI). Ire-reimburse ng IRC ang vendor kapag na-invoice na at alinsunod sa responsibilidad ng pasyente na nakasaad sa EOB. Pagkatapos, ire-reimburse ng vendor ang pamilya.

Mga Kumperensya

Sa saklaw ng mga available na resource, maaaring pondohan ng Inland Regional Center ang mga bayarin sa pagpaparehistro sa kumperensya para sa mga consumer at/o kanilang (mga) magulang/tagapag-alaga/tagapag-ingat para makadalo sa (mga) kumperensya na nauugnay sa (mga) kapansanan sa pag-develop ng consumer sa maximum na halagang $600 kada pamilya, kada taon ng pananalapi. Dapat maisagawa at maawtorisahan nang maaga ang lahat ng mga kahilingan at dapat suportado ito ng layunin sa Plano ng Programa para sa Indibidwal para sa mga kumperensya.

Day Program para sa Mga Nasa Hustong Gulang

Pagkatapos maka-graduate o makatanggap ng sertipiko ng pagtatapos mula sa pampubliko o pribadong edukasyon, susuportahan ang mga consumer sa pagtukoy ng mga serbisyo sa programa na gusto nila. Nagbibigay ng kagustuhan sa mga serbisyo sa programa na binubuo ng pinaka hindi istriktong opsyon, nagbibigay-diin sa integration sa komunidad at paghubog ng mga kritikal na kasanayan, bukod pa rito, nagbibigay din ng kagustuhan sa pinakamalapit, pinakaangkop, at pinakasulit na programang nakakatugon sa mga pangangailangan ng consumer. Maaaring gamitin ang pagpopondo sa pamamagitan ng Departamento ng Rehabilitasyon, pagpapatala sa Mga Programa sa Edukasyon ng Nasa Hustong Gulang at Mga Rehiyonal na Okupasyon para ma-maximize ang integration ng consumer sa komunidad.

Mga Diaper/Mga Supply para sa Incontinence

Posibleng aprubahan ang mga diaper para sa isang consumer na tatlong taong gulang o mas matanda kapag naipakita ng pamilya ang pinansyal na pangangailangan para rito at na kapag ginawa ito, mabibigyang-daan na manatili ang bata sa bahay ng pamilya. Ang mga supply para sa incontinence na bibilhin ay dapat pareho sa uri ng mga supply para sa incontinence na available sa mga consumer sa pamamagitan ng Medi-Cal. Dapat munang gamitin ang mga pribado at generic na source.

Medikal na Kahilingan at Kahilingan sa Pag-diagnose

Maaaring bumili ang sentrong panrehiyon ng mga insidental na medikal o dental na serbisyo kapag naubos na ang mga pribado at generic na source at isasaalang-alang nilang gumamit muna ng mga pinakasulit na serbisyo. Lahat ng kahilingan ay dapat may kasamang kopya ng pagtanggi mula sa Medi-Cal o sa pribadong insurance sa kalusugan/medikal na insurance ng consumer.

Hindi mabibili ng Inland Regional Center ang mga sumusunod na serbisyong medikal at pang-

1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG
diagnose :

- Mga sinisiyasat pa lang na paggamot
- Mga therapeutic na serbisyo o device na hindi pa klinikal na natutukoy o napapatunayan ng siyensiya na epektibo, o ligtas, o iyong mga mayroong panganib at kumplikasyon na hindi pa nalalaman
- Mga medikal o pang-diagnose na pagtatasa na hindi nauugnay sa kapansanan sa pag-develop
- Mga sikolohikal na ebalwasyon na hindi ginagamit sa pagtukoy ng pagiging kuwalipikado

Pagsasanay sa Mobility

Bibilhin lang ang pagsasanay sa mobility para sa pagbiyahe mula at pauwi sa bahay at pangunahing aktibidad sa araw (day program, trade school, o trabaho) ng consumer na nasa hustong gulang. Tutukuyin ng Interdisciplinary Team kung nasa makatuwirang nalalakad na distansya sa linya ng bus ang tirahan at pangunahing programa sa araw ng consumer.

Dapat magkaroon ng pagkakasundo sa pagitan ng Tagakoordina ng Mga Serbisyo para sa Consumer, consumer, at (mga) magulang/tagapag-alaga/tagapag-ingat na kapag matagumpay nang natapos ang pagsasanay sa mobility, gagamitin na ang sistema ng pampublikong bus para makapunta sa pangunahing aktibidad sa araw ng consumer.

Occupational/Physical Therapy

Ang Occupational/Physical therapy ay isang programang may layuning matulungan ang mga consumer na nagpapakita ng malaking pagkahuli sa mga kasanayan sa gross at fine motor at pagtulong sa sarili at siyang makikinabang sa serbisyo. Ang pagbili ng occupational therapy ay iniaalok sa mga consumer na may kapansin-pansing pangangailangan, at hindi kuwalipikado para sa mga naturang serbisyo sa pamamagitan ng mga generic na resource gaya ng Medi-Cal, Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (California's Children Services o CCS), mga resource na may pribadong pagpopondo o pampamilyang insurance sa kalusugan/medikal na insurance.

Placement na Wala sa Bahay

Tutuklasin ng Inland Regional Center ang lahat ng available na resource bago isaalang-alang ang unang beses na placement ng mga menor de edad. Posibleng iatas ang pinansyal na suporta mula sa magulang sa pamamagitan ng proseso ng Programa sa Bayarin ng Magulang.

Ang mga nasa hustong gulang na consumer na gusto nang lumipat malayo sa bahay ng kanilang pamilya ay tutulungan sa pagpili ng setting na pinakamahusay na makakatugon sa kanilang mga pangangailangan. Posibleng maging kabilang sa mga ito ang mga lisensyadong bahay na mula sa alinman sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan para sa Pangangalaga sa Komunidad o Departamento ng Kalusugan ng Publiko. Ang mga consumer na gustong magkaroon ng sarili nilang tirahan o apartment ay maaaring makinabang mula sa Mga Serbisyo sa May Suportang Pamumuhay.

Mga Serbisyo sa Pagpapahinga

Ang pangangalaga para sa pagpapahinga ay inilalarawan bilang isang pansamantala at pahinto-hintong pangangalaga na ibinibigay sa loob ng maiikling yugto ng panahon (1) sa sariling bahay ng consumer o (2) maaari ring isagawa ang pagpapahinga sa labas ng bahay sa isang

aprubadong residensyal na pasilidad o setting para masuportahan ang mga miyembro ng pamilya sa pagpapanatili ng mga consumer sa bahay. Nilalayon nitong mapaginhawa ang mga miyembro ng pamilya sa mabigat na responsibilidad ng pag-aalaga sa consumer sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangangalaga at patnubay para matiyak ang kaligtasan ng consumer kapag wala ang mga miyembro ng pamilya. Kapag may pahintulot ang pamilya para sa tuloy-tuloy na pagpapahinga sa bahay at gusto nila ng one-time na pahintulot para sa pagpapahinga sa labas ng bahay, maaaring baguhin ang mga oras para sa pagpapahinga sa bahay ayon dito.

Ang mga serbisyo sa pagpapahinga na pinahintulutan para sa mga menor de edad na consumer ay napapailalim sa Programa sa Halagang Partisipasyon ng Pamilya (Family Cost Participation Program o FCPP) ng California. May 30 araw ang mga pamilya mula sa petsa kung kailan sila naabisuhan tungkol sa halaga ng halagang partisipasyon para humiling ng pagsusuri sa rate. Alinsunod sa pinapahintulutan ng *CCR* § 56265, maaaring i-adjust ng Executive Director o itinalaga ng Sentrong Panrehiyon ang antas ng halagang partisipasyon.

Ang mga oras ng pagpapahinga ay maaaring pahintulutan para sa isang indibidwal na may mga pangangailangan sa medikal na pangangalaga habang nakabinbin ang generic na pagpopondo, hal., Programa ng Waiver sa Maagang Pana-panahong Screening, Pagsusuri, at Pagsasanay (Early Periodic Screening, Diagnosis, and Training o EPSDT) o Alternatibong Nakabase sa Bahay at Komunidad (Home and Community-Based Alternative o HCBA). Isasaalang-alang lang ng sentrong panrehiyon ang mga serbisyong gaya ng Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Bahay bilang generic na resource kapag natugunan ng mga naaprubahang serbisyo ang pangangailangan sa pagpapahinga ayon sa tinukoy sa plano ng programa para sa indibidwal o plano ng serbisyo sa pamilya ayon sa indibidwal ng consumer.

Ang mga batang nasa pagitan ng 0-21 taong gulang ay maaaring makatanggap ng suporta sa pagpopondo para sa EPSDT. Ang mga nasa hustong gulang na edad 21 pataas ay maaaring makatanggap ng suporta sa pagpopondo para sa Waiver ng HCBA.

Ang isang sentrong panrehiyon ay maaari lang bumili ng mga serbisyo sa pagpapahinga kapag ang mga pangangailangan sa pangangalaga at patnubay ng isang consumer ay mas marami kumpara sa mga pangangailangan ng isang indibidwal na nasa parehong edad na walang mga kapansanan sa pag-develop.

<u>Espesyal na Kagamitan: Matitibay at Hindi Matitibay na Karagdagang Item at Mga Pagbabago sa Bahay</u>

Maaaring bumili ang Inland Regional Center ng espesyal na kagamitan pagkatapos matukoy ng Interdisciplinary Team ang pangangailangan para rito sa panahon ng pagpupulong para sa Plano ng Programa para sa Indibidwal nang may pakikilahok ng consumer, (mga) magulang/tagapag-alaga/tagapag-ingat, sentrong panrehiyon, iba pang tauhan ng programa at provider ng pangangalaga, kung naaangkop. Dapat mahikayat ng bibilhing kagamitan ang pagiging independent, pagsasali at pagbibigay-kakayahan. Kung ang consumer ay isang bata, dapat gumawa ng referral sa CCS para sa pagtatasa/ebalwasyon ng pangangailangan at potensyal na pagpopondo bago bilhin ng Inland Regional Center ang naturang kagamitan. Dapat may kasamang mga opsyon ang mga pagtatasang ito na pinakaangkop para matugunan ang mga pangangailangan ng consumer at pamilya.

Posibleng kabilang sa iba pang mga resource para sa espesyal na kagamitan ang Departamento ng Rehabilitasyon, Medi Cal, pribadong insurance, at iba pang resource ng komunidad depende sa edad ng consumer.

1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG
Speech Therapy, Pagtatasa, at Therapy para sa Pagtatasa sa Assistive Technology

Ang speech therapy ay isang programang may layuning matulungan ang mga consumer na nagpapakita ng malaking pagkahuli sa mga kasanayan sa receptive/expressive na lenggwahe at siyang makikinabang sa serbisyo. Ang pagbili ng speech therapy ay iniaalok sa mga consumer na may kapansin-pansing pangangailangan, at hindi kuwalipikado para sa mga naturang serbisyo sa pamamagitan ng mga generic na resource gaya ng Medi-Cal, mga resource na may pribadong pagpopondo o pampamilyang insurance sa kalusugan/medikal na insurance.

Ang Pagtatasa sa Pagsasalita at Therapy para sa Pagtatasa sa Assistive Technology ay ibinibigay ng mga kaukulang distrito ng paaralan. Ang iba pang mga resource gaya ng mga paaralan, pribadong insurance, at iba pang

generic na ahensya ay sasaliksikin. Maaaring magbigay ang IRC ng Pagtatasa sa Assistive Technology para matukoy ang naaangkop na kagamitan para sa paggamit sa bahay gaya ng natukoy ng Interdisciplinary Team.

Mga Serbisyo sa Independent na Pamumuhay

Ang mga serbisyo sa mga kasanayan para sa independent na pamumuhay ay nagbibigay sa mga nasa hustong gulang na consumer ng pagsasanay sa mga functional na kasanayan para mabigyang-daan ang indibidwal na makakuha o makapagpanatili ng mga kasanayan para independent na makapamuhay sa kanyang sariling bahay, o para makapagkami ng mas matatag na pagsasarili habang nakatira sa bahay ng isang magulang, miyembro ng pamilya, o ibang tao. Ang mga programa para sa independent na pamumuhay ay nakatuon sa pagsasanay sa mga functional na kasanayan para sa mga nasa hustong gulang na consumer na nakakuha na sa pangkalahatan ng mga pangunahing kasanayan sa pagtulong sa sarili at, dahil sa kanilang mga pisikal na kapansanan, hindi nagtataglay ng mga pangunahing kasanayan sa pagtulong sa sarili, ngunit gumagamit at nangangasiwa ng mga katulong na tumutulong sa kanila na matugunan ang kanilang mga personal na pangangailangan. Maaari ring ibigay ng mga serbisyo sa mga kasanayan para sa independent na pamumuhay ang mga suportang kinakailangan para mapanatili ng isang consumer ang isang self-sustaining at independent na sitwasyon ng pamumuhay sa komunidad.

Maaaring kabilang sa mga bahagi ng pagsasanay sa mga functional na kasanayan para sa mga kasanayan sa independent na pamumuhay ang:

a. Pagluluto;
b. Paglilinis;
c. Pamimili sa mga natural na environment;
d. Pagpaplano ng menu;
e. Paghahanda ng pagkain;
f. Pamamahala ng pera, kabilang ang pag-cash ng tseke at mga aktibidad sa pagbili;
g. Paggamit ng pampublikong transportasyon sa mga natural na environment;
h. Kalusugan at kalinisan ng sarili;
i. Pagsasanay sa pansariling adbokasiya;
j. Independent na pakikisalamuha at pakikilahok sa mga natural na environment;
k. Paggamit ng mga medikal at dental na serbisyo, pati na ng iba pang resource ng komunidad;
l. Kamalayan sa resource ng komunidad gaya ng tulong ng pulis, tulong sa sunog, o tulong sa emergency; at
m. Kaligtasan ng bahay at komunidad.

Maaaring bumili ng pagsasanay sa mga kasanayan para sa independent na pamumuhay ang sentrong panrehiyon kung matutugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG

1. Nauunawaan ng nasa hustong gulang ang mga layunin at inaasahan ng serbisyo;
2. Nagpapakita ang nasa hustong gulang ng kagustuhang lumahok; at
3. Sumasang-ayon ang IPP Team na makakatulong ang pagsasanay para makamit ng indibidwal ang mga layuning itinakda sa IPP.

Dapat tumukoy ng kurso ng interbensyon ang mga serbisyo sa mga kasanayan para sa independent na pamumuhay para sa pagkuha ng kasanayan. Ang uri ng mga serbisyo sa pagsasanay at ang bilang ng oras kada buwan, ay tutukuyin batay sa mga pangangailangan at pagpili ng indibidwal, batay sa mga kasalukyyang kasanayan at tina-target na latunin para mapataas ang pagsasarili. Hindi dapat gamitin ang mga kasanayan para sa independent na pamumuhay para palitan ang o mangibabaw sa anupamang generic na resource

na legal na responsable sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangkalahatang publiko. (*WIC* § 4648 (a)(8).) Dapat ding magbigay ng mga praktikal na pagsasaalang-alang sa karaniwang rutina ng indibidwal at pang-araw-araw na aktibidad.

Mga Serbisyo sa May Suportang Pamumuhay

Intensyon ng mga serbisyo sa may suportang pamumuhay na makapagbigay ng mga oportunidad para sa mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan sa pag-develop, anuman ang antas ng kanilang kapansanan, na makapamuhay sa mga bahay na pagmamay-ari nila o nirerentahan nang may suportang available hangga't kailangan, kung iyon ang gustong layunin ng plano ng programa para sa indibidwal. Ang layunin nito at matulungan ang indibidwal na iyon na makagawa ng sarili pagpapasya sa kanyang buhay habang bumubuo ng mga kritikal at matatag na ugnayan sa iba pang indibidwal. Ang mga nasa hustong gulang na consumer ay sinusuportahan sa mga karaniwang kasunduan sa pamumuhay nang may kontrol sa environment sa kanilang sariling bahay. Magbabago ang mga serbisyo o suportang natatanggap ng isang consumer kasabay ng pagbabago ng kanyang mga pangangailangan.

Sa pangkalahatan, aasahang bababa ang mga suporta at serbisyong binibili ng sentrong panrehiyon sa paglipas ng panahon habang natututo ang indibidwal ng mga kasanayan para sa independent na pamumuhay at pag-asa sa sarili, nade-develop ang mga natural na suporta, at naa-access ang mga generic na resource, sa pinakamataas na sukdulang posible, nang may tulong ng mga provider ng serbisyo.

Ang Mga Serbisyo sa May Suportang Pamumuhay ay binubuo ng dalawang bahagi:

a. Pagsasanay at Habilitasyon - Ang mga layunin ng Plano ng Serbisyo para sa Indibidwal ay dapat iangkop sa mga partikular na pangangailangan para sa pagsasanay at habilitasyon at mga kapasidad ng isang indibidwal na consumer, at nilalayong magresulta sa mas mataas na kakayahan sa bahagi ng consumer na makabuo at makapagpanatili ng mga ugnayan, magkaroon at maisagawa ang pagkakabilang sa komunidad, at matugunan ang kanyang mga pangangailangan nang walang tulong.

b. Personal na Suporta – Tinutugunan ng mga layunin ng Plano ng Serbisyo para sa Indibidwal ang mga bagay na nangangailangan ng tulong para sa karaniwang pang-araw-araw na pamumuhay at rutinang aktibidad sa bahay dahil sa katangian o kalalaan ng pisikal o developmental na hamong kinakaharap ng consumer. Kapag hindi nakakapagpakita ang consumer ng makatuwirang tagumpay sa kanyang pagsasanay at mga layunin sa habilitasyon at walang available na mga generic na resource para matugunan ang mga pangangailangan ng consumer, posibleng matugunan ang mga suporta sa Plano ng Serbisyo para sa Inidibidwal bilang mga layunin sa pagpapanatili sa pamamagitan ng Personal na Suporta.

Posibleng bumuo ng mga inisyal na serbisyo para matulungan ang mga consumer na magkaroon ng sarili nilang bahay at mabigyan ang mga consumer ng mga suportang

kailangan nila para makatira sa kanilang sariling bahay.
Bilang pagsunod sa Lanterman Act, ang pagbili ng serbisyong ito ay dapat nakabatay sa ipinapakitang progreso tungo sa pagkamit ng mga layunin at mithiin sa Plano ng Programa para sa Indibidwal at Plano ng Serbisyo para sa Indibidwal.

Transportasyon

Sa pagsasaalang-alang ng pagbili ng mga serbisyo sa transportasyon para sa mga consumer, aaralin ng Inland Regional Center ang lahat ng mga serbisyo sa transportasyon mula sa pinaka hindi limitado hanggang sa pinakalimitadong paraan ng transportasyon.

Dagdag pa rito, posibleng bumili lang ang Inland Regional Center ng mga serbisyo sa transportasyon na mangangasiwa sa mga serbisyong tinukoy sa Plano ng Programa para sa Indibidwal ng consumer kung hindi maibibigay ng mga generic na resource ang transportasyon sa isang rutinang batayan para sa consumer o hindi ito itinalaga ayon sa regulasyon sa iba pang entity (ibig sabihin, responsibilidad ng residential operator na ihatid ang mga residente sa mga aktibidad na pang-medikal at panglibang).

Popondohan lang ng Inland Regional Center ang transportasyon, kapag kinakailangan mula sa tirahan ng consumer sa pinakamurang vendor na nagbibigay ng mga serbisyong nakakatugon sa mga pangangailangan ng consumer. Ang halaga ng isang vendor ay dapat tukuyin sa pamamagitan ng pagsasama sa mga gastusin sa programa ng vendor at mga gastusin sa paghatid ng consumer mula sa kanyang tirahan papunta sa vendor. (*WIC* § 4648.35.)

Kapag may available na pagpipilian sa pagitan ng serbisyo o voucher sa pampubliko at pribadong transportasyon, bibilhin ang pampublikong transportasyon dahil mas sulit ito at mabbigyang-daan nito ang mga consumer na makihalubilo sa pangkalahatang publiko.

Maaaring pondohan ng isang sentrong panrehiyon ang mga serbisyo sa transportasyon para sa isang menor de edad na bata na nakatira sa bahay ng pamilya para matugunan ang mga pangangailangan na tinukoy sa Plano ng Programa para sa Indibidwal, kung magbibigay ang pamilya ng bata ng nakasulat na dokumentasyon sa sentrong panrehiyon na nagpapakita na hindi nito kayang tustusan ang transportasyon para sa bata. Hindi bibili ang Inland Regional Center ng mga serbisyo sa transportasyon para mabigyang-daan ang mga batang nasa edad nang puwedeng mag-aral para makatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon.

Mga Pagbubukod

Posibleng magkaroon ng mga indibidwal na sitwasyon na maaaring mangailangan ng awtorisasyon ng mga pagbili ng serbisyo ng Inland Regional Center na hindi nakakasunod sa mga pamantayang ito. Posibleng magbigay ng mga partikular na pagbubukod sa mga pamantayang ito:

1. Tutukuyin at idodokumento ng Interdisciplinary Team sa Plano ng Programa para sa Indibidwal o Plano ng Serbisyo sa Pamilya ayon sa Indibidwal ng consumer ang mga sitwasyon na gumagarantiya ng pagbubukod sa mga pamantayan.

2. Ang sinumang aplikante para sa o tagatanggap ng mga serbisyo, o awtorisadong kinatawan ng aplikante o tagatanggap, na hindi masisiyahan sa anumang desisyon o pagkilos ng ahensya

1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG

ng serbisyo na pinaniniwalaan niyang ilegal, mapandiskrimina, o hindi makakabuti para sa tagatanggap o aplikante, ay dapat mabigyan ng oportunidad para sa patas na pagdinig pagkatapos niyang maghain ng kahilingan sa loob ng 30 araw pagkatapos makatanggap ng abiso tungkol sa desisyon o pagkilos na inirereklamo. (*WIC* § 4710.5 (a).)

3. Ang bawat consumer o sinumang kinatawan na kumikilos sa ngalan ng sinumang consumer o mga consumer, na naniniwalang naabuso, labag sa batas na pinigilan, o hindi angkop o hindi makatuwirang tinanggihan ng sentrong panrehiyon, developmental center, o provider ng serbisyo ang anumang karapatang nararapat sa consumer, ay maaaring maghain ng reklamo alinsunod sa *WIC* § 4731.

Ang mga hindi pagkakasundong nauugnay sa katangian, saklaw, o halaga ng mga serbisyo at suporta na dapat kasama sa Plano ng Programa para sa Indibidwal ay dapat tugunan sa pamamagitan ng proseso ng Patas na Pagdinig ayon sa inilalarawan sa item #2 ng seksyong ito. (*WIC* §§ 4700-4730).

Pinagtibay ng Lupon ng Mga Katiwala ng Inland Counties Regional Center, Inc. ang patakaran noong Pebrero 13, 2012, at nakabinbin ang pag-apruba mula sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pag-develop (Department of Developmental Services o DDS).
Inaprubahan ng DDS noong Mayo 23,
2012. Inaprubahan ng Lupon noong
Nobyembre 13, 2017
Inaprubahan ng Lupon noong Marso 12, 2018 at nakabinbin ang pag-apruba mula sa DDS Inaprubahan ng Lupon noong Mayo 14, 2018
Inaprubahan ng Lupon noong Nobyembre 4, 2019